**Ang Paniningdigan ng HUGO sa "Global Science" at "Genomics"**

Ang Human Genome Organization (HUGO) ay maigting na sumusuporta at nagtataguyod para sa agham at "genomics" sa pandaigdigang lawak, habang kinikilala na ang siyentipikong pag-uusisa at pagsulong ay lumalampas sa mga hangganan ng mga bansa. Kami ay nakatuon sa pagtataguyod ng isang pandaigdigang komunidad pang-agham na gumagalaw nang malaya sa mga impluwensya ng pamahalaan at nananatiling malaya mula sa anumang anyo ng diskriminasyon.

Ang aming mga payak na pamantayan ay ang mga sumusunod:

1. **Pandaigdigang pakikipagtulungan (Global Collaboration)**: Hinihikayat at pinapadali namin ang mga internasyonal na pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa mga siyentipiko at mga mananaliksik sa "genomics" upang isulong ang naipung kaalaman at aplikasyon ng "genomics" para sa mas mahusay na sangkatauhan.
2. **Kalayaan mula sa Impluwensya ng Pamahalaan (Independence from Government Influence)**: Ang HUGO ay naninindigan sa pagpapanatili ng mga gawaing pang-agham na malaya mula sa panghihimasok o pang-iimpluwensya ng mga bahagi ng pamahalaan, upang tiyakin na ang integridad ng pananaliksik at ang kawakanan ng pagkiling ay maitataguyod.
3. **Inklusibo at Pagkakaibaiba (Inclusivity and Diversity)**: Kami ay tumatangkilik at sumusuporta sa lipunan pang-agham na may pagkakaiba, at kami ay tumatanggap ng mga kontribusyon mula sa mga indibidwal na may iba't ibang pinanggalingan, kabilang ang iba't ibang pinagmulan ng mga ninuno o "ancestry", nasyonalidad, antas sa lipunan, lahi, kasarian, relihiyon at kasarian. Naniniwala ang HUGO na ang komunidad na may pagkakaibaiba ay magpapahusay sa pagkakamalikhain, pagbabagong pasulong, kalidad ng pagsusuring pang-agham.
4. **Mga Pamantayang Etiko (Ethical Standards)**: Hinihikayat ng HUGO ang mga siyentipiko na itaguyod bilang pinakamahalaga ang pinakamataas na pamantayan ng etika sa pananaliksik ng "genomics". Tinitiyak ng HUGO na ang lahat ng mga gawaing pang-agham ay sumusunod sa mahigpit na mga alituntunin sa etika, na nangangalaga sa mga karapatan at dignidad ng lahat ng mga indibidwal na kasangkot o apektado ng pananaliksik sa "genomics".
5. **Neutralidad sa mga Isyung Panlipunan (Neutrality in Social Issues)**: Habang itinataguyod namin ang isang magalang at inklusibong kapaligiran, ang HUGO ay nananatiling walang kinikilingan ukol sa mas malawak na mga isyung panlipunan at pampulitika, at mananatiling nakatuon lamang sa pagsulong ng agham at "genomics".

Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntunin na ito, ang HUGO ay naglalayong mag-ambag ng malaki at makabuluhan sa pandaigdigang tanawin sa agham, sa pagtataguyod ng kaalaman, pagbabago, at ang pangkalahatang benepisyo ng pananaliksik sa "genomics". Kami ay nakatuon sa hinaharap kung saan ang agham ay walang hangganan, at kung saan ang paghahanap ng kaalaman ay hinihimok ng pagiging mausisa, pakikipagtulungan, at ng kaparehong mithiin para sa pagpapabuti ng kalusugan ng tao at pag-unawa.

Mga patakaran tungkol sa mga "HUGO-sponsored Human Genome Meetings" at pagkilala ng HUGO sa iba pang mga pambansa at rehiyonal na pagpupulong ng "genomics":

- Inaasahan ng HUGO na tatanggapin ng mga "host country" ang mga dadalo mula sa anumang bansa o bahagi ng mundo, nang walang anumang uri ng diskriminasyon, kabilang na ang batay ayon sa pinagmulan ng mga ninuno o "ancestry", kulay, lahi, kasarian, edad, wika, sekswal na oryentasyon, relihiyon, paniniwalang pampulitika o iba pang opinyon, pinanggalingang bansa, lipunan o lupalop, kapansanan, ari-arian, kapanganakan o iba pang katayuan ayon sa itinatag ng mga pamantayan ng karapatang pantao.

- Sinusuportahan ng HUGO ang agham at "genomics" sa buong mundo, habang kinikilala na ang agham ay lumampas sa mga hangganan at sinusuportahan ng pandaigdigang mga komunidad na siyentipiko, malaya sa impluwensya ng pamahalaan at walang kaugnayan sa pulitika.
- Dahil sa kawalan ng katatagan at pagkakahati-hati sa mundo ngayon, hihilingin ng HUGO sa anumang grupong nag-oorganisa na tiyakin ang pagdalo at magbigay ng karagdagang seguridad para sa mga siyentipiko mula sa lahat ng mga bansa, na iginagalang ang kanilang personal na desisyon kung dumalo o hindi.